



Pag-access sa mga Serbisyo ng Lunsod nang Walang Pangamba para sa mga Residente na Di-tiyak ang Katayuan o Walang Immigration Status

Mga Pagsasagawa at Pamamaraan ng Vancouver School Board

*Ang Vancouver School District ay sumusuporta sa Mandate ng City of Vancouver para sa **Pag-access nang Walang Pangamba**. Nais ng District na gawin ang lahat ng makakaya nito upang pahintulutan ang lahat ng mag-aaral na makakuha ng publicly funded education habang kinikilala ang mga limitasyon sa loob ng mga patakaran sa pagpopondo ng Ministry of Education.*

Paano magrehistro ang mga mag-aaral na bagong dating sa Canada sa Vancouver School District?

Isinasangguni ng mga paaralan ang lahat ng mag-aaral na ipinanganak sa labas ng Canada na magparehistro sa aming Newcomer Welcome Centre. Tingnan ang impormasyon sa pagpaparehistro sa NWC sa: <https://www.vsb.bc.ca/site/nwc>

Ano ang mangyayari kung ang isang mag-aaral ay ipinanganak sa loob ng Canada subalit ang kanyang mga magulang ay hindi dito ipinanganak?

Para sa mga mag-aaral na ipinanganak sa Canada, kapag ang mga paaralan ay may pag-aalala tungkol sa dokumento ng pagrehistro, kokontakin ng mga staff ng paaralan ang NWC upang tumulong sa paglutas ng alalahaning ito. Kabilang dito ang mga study permit, work permit at iba pang sirkumstansya. Susuriin ng staff ng NWC ang dokumento upang matukoy kung karapat-dapat o eligible ang isang bata para sa isang publicly funded education.

Paano pinagpapasyahan ang pagiging eligible ng isang bata para sa isang publicly funded education?

*Ang pagiging eligible para sa publicly funded education ay batay sa legal na tagapag-alaga o guardian at kung ang bata ay naninirahan sa BC (tingnan ang buong patakaran ng MOE: <http://www2.gov.bc.ca/gov/topic.page?id=AEC35F1EA3644F20B2A4C6C32FC97074>)
Ang immigration status ay mahalaga ngunit hindi tumutukoy sa 'ordinarily residence'.*

Paano kung ang mga magulang ng bata ay Temporary Foreign Workers o Refugee Claimants (mga humihingi ng asylum)? Sila ba ay eligible para sa isang publicly funded education sa BC?

Ang Temporary Foreign Workers (TFW) ay karaniwang may permit upang magtrabaho nang mas mahaba kaysa isang taon at eligible ang kanilang mga anak sa panahong iyon para sa publicly funded education. Ang mga anak ng Refugee Claimants ay maaaring maging eligible para sa publicly funded education habang pinoproseso ang kanilang claim. Ang mga refugee claimant na 'di-pinahintulutan manatili sa Canada at ang mga tao na nag-expire ang work permit ay isasaalang-alang ayon sa kalagayan.

Paano kung ang mga pamilya ay hindi mahusay magsalita ng Ingles? Mayroon ba silang makukuhang tulong?

Ang NWC ay may Multicultural Liaison Workers at Settlement Workers upang tulungan ang mga pamilyang hindi mahusay sa Ingles. Ang mga magulang ng lahat ng mag-aaral na naka-enroll sa aming mga paaralan ay may access sa MCLW at/o SWIS support.

Paano kung ang isang magulang ay walang mga kinakailangang dokumento upang ipakita ang ordinary residence status?

Ang mga magulang na walang mga kinakailangang dokumento upang ipakita ang ordinary residence status ay isinasangguni sa NWC District Principal. Ang school district ay may mga nakahandang istruktura upang matulungan ang mga pamilya na walang mga kinakailangan na rutinang dokumento. Bawat kaso ay maingat na isasaalang-alang ng mga staff ng NWC. Ang mga magulang ay hihilingin na magbigay ng iba pang katibayan upang patunayan na pinananatili nila ang pagiging 'ordinary residence' sa BC.

Paano kung sa anumang dahilan, ang isang magulang ay nangangamba na ang kanilang immigration status ay maisangguni sa pederal na immigration authorities?

Ang pagiging kompidensyal ng personal na impormasyon ay mahalaga at hindi kailangang mangamba ang mga magulang na pumunta sa NWC. Habang kinikilala ng school district ang legal na kapangyarihan ng pederal na pamahalaan sa mga usapin sa immigration, hindi tungkulin ng school district na ibahagi ang impormasyon ukol sa immigration status sa mga panlabas na agency tulad ng Canadian Border Services Agency, maliban kung may legal na kautusan upang gawin ito.

Paano kung ang isang mag-aaral ay hindi kwalipikado para sa isang publicly funded education?

Ang mga mag-aaral na hindi kwalipikado para sa publicly funded education ay isinasangguni sa may-bayad na program, sa International Education Program. Maaari ring ipaalam sa mga magulang ng aming SWIS/MCLW ang tungkol sa iba pang community, religious o independent English training na mga oportunidad para sa kanilang anak hanggang sa ang magulang/legal guardian ay makapagbigay ng katibayan sa pagiging ordinary resident para sa mga pagpopondo.

Paano kung ang isang mag-aaral ay naka-enroll na sa isang paaralan at nagbago ang immigration status ng kanyang magulang/legal guardian? Kailangan ba ng mag-aaral na umalis sa paaralan?

Ang mga anak ng mga magulang/o legal guardian na naka-enroll sa mga paaralan ay hindi aalisin sa paaralan habang nilulutas ng kanilang mga magulang/legal guardian ang kanilang problema sa immigration, sa kondisyon na magsusumite sila ng mga dokumentong nagpapatunay na sila ay nasa transition period (hal. pagbabago ng status mula Temporary Foreign Worker upang maging Permanent Residence o Study permit, atbp.) Ang iba pang mga kaso ay isasaalang-alang ayon sa kalagayan.

Paano kung ang isang bata ay naka-enroll sa isang paaralan ng VSB ngunit walang kakayahang pinansiyal upang lumahok sa mga aktibidad na nangangailangan ng karagdagang pondo tulad ng ilang field trips?

Kapag ang mga mag-aaral ay naka-enroll sa mga paaralan, sila ay eligible para sa lahat ng program. Ang school district ay ginagawa ang lahat ng pagsisikap upang matiyak na ang mga pinansiyal na limitasyon ng pamilya ay hindi makakahadlang sa kanilang mga anak na sumali sa anumang program activity.